ISSN 2673-2874

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 4 Blg. 2 | Marso-Abril 2022

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



Dairy Box outlet, itatayo sa Zambales

2



Kauna-unahang Dairy Box outlet sa Aurora Province, itatayo na

3

## Sec. Dar, pinuri ang malaking kontribusyon ng DA-PCC sa industriya ng paghahayupan

Ni **Ronaline Canute**

***DA-PCC NHQGP***-*Patuloy na pananaliksik para sa mga teknolohiya at kasanayang praktikal, solidong pakikipagtulungan sa iba't ibang sektor kabilang na ang sa pribado, at pagpapaangat sa ani at kita ng mga magsasaka—ito, ayon kay Department of Agriculture Secretary William Dar, ang buod ng makabuluhang kontribusyon ng DA-PCC sa industriya ng paghahayupan sa bansa.*

*Sundan sa p.4*




*Maligayang ipinagdiwang ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center National Headquarters (DA-PCC) ang matagumpay na pagseserbisyo sa sambayanan sa loob ng 29 taong. Papuri naman ang natanggap mula kay DA Secretary William Dar na nagsilbing panauhing pandangal.*

## Bagong Center Director ng DA-PCC sa LCSF, ipinakilala

Ni Ronaline Canute

*DA-PCC NHQGP-"Mataas na produksyon ng kalabaw sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na yunit ng pamahalaan ang ating daan pasulong. Ang aming layunin ay upang i-optimize ang kahusayan sa paggawa ng gatas ng kalabaw at karne pati na rin i-promote ito para sa draft power at turismo. Sa huli, nakikita natin ang ating mga sarili na mahalaga sa pagdadala ng isang maunlad at maayos na paraan ng pamumuhay para sa lahat ng ating mga stakeholder."*

Ito ang pangarap ng bagong hirang na Center Director ng DA-PCC sa La Carlota Stock Farm (LCSF) na si Eva C. Rom.

*Sundan sa p.5*

## 'Kung kaya mo, kayang-kaya ko rin!'

Ni Coores Celoy

***DA-PCC NHQGP-Alinsunod sa pagdiriwang ng National Women's Month, nagsagawa ang DA-PCC ng Gender and Development (GAD) seminar na pinamagatang "Empowered Women, Empowering Women" sa mga farmers at koop members sa DA-PCC National Headquarters noong Marso 29.***

Habang ang National Commission for Women (NCW) ay patuloy na nagsisikap upang palawigin ang konsepto ng GAD at ang kahalagahan nito sa pagkamit ng nagkakaisang komunidad na ang lahat ay napapabilang, laganap pa rin ang kaisipang "babae lang ako, ito lang ang kaya o pwede kong gawin".

Bilang patunay na mali nang manahanan sa paniniwalang 'yan, si Olivia Palazo, natatanging carapreneur, at ang may-ari ng Manuel Olivia Elijah (MOE) Dairy Farm, ay nagbahagi ng kanyang mga karanasan bilang isang carapreneur at kung paano niya nakayanan ang mga hamon sa pagtatatag ng negosyo kahit na siya ay isang "babae lang" sa mata ng ibang tao.

Binigyang-diin ni Olivia ang kakayahan ng mga kababaihan sa agrikultura at ibinahagi ang mga papel na kanyang ginagampanan sa kanilang farm.

*Sundan sa p.2*

# Dairy Box outlet, itatayo sa Zambales

Ni **Coores Celoy**

***DA-PCC NHQGP- Kilala ang Zambales sa magandang baybayin nito na puntahan ng mga turista lalo na kung tag-araw.***

Ang Masinloc, isang coastal municipality sa Zambales, ay kilalang bilihan ng matamis na mangga na pangunahing produkto din ng mga tagaroon. Bukod sa mga nabanggit na atraksyong pangturista, malapit nang masilayan ang isa pang inaasahang magtatanyag sa probinsya ng Zambales sa larangan ng turismo. Ito ay ang nakagayak na itatayong Dairy Box outlet at processing facility sa Masinloc. Hudyat nito ang isinagawang groundbreaking ceremony noong Abril 4.

Ang Dairy Box ay isang infrastructure support para sa mga smallholder dairy farmers na idinisenyo upang magkaroon sila ng puwang sa merkado ng gatas para sa bastanteng kita.

Nang pinag-iisipan pa lang ang tungkol sa pagtatayo ng nasabing outlet, agad naisip ni Atty. Cheryl Deloso-Montalla, representative ng pangalawang distrito ng Zambales, ang bayan ng Masinloc bilang recipient ng proyekto dahil sa aktibong kalakalan at iba pang gawaing pang-ekonomiya rito. Mainam na mainam, ayon kay Cong. Montalla, ang lugar na ito na malapit sa baywalk dahil dito umuusbong at nagtatagumpay ang mga proyektong community-based katulad ng sa DA-PCC.

"Nung nakita ko 'yung design, nirecommend ko kaagad yung baywalk para maging lokasyon kasi it complements the ambiance," wika naman ni Mayor Arsenia Lim ng Masinloc.

Ang proyekto ay pamamahalaan ng Masinloc Farmers Agriculture Cooperative habang ang LGU at ang DA-PCC ay magbibigay ng technical na pagsasanay at tulong sa pagsisimula ng operasyon nito.

Ayon kay Dr. Ericson Dela Cruz, Center Director ng DA-PCC sa CLSU, simula pa lamang ito ng makabuluhang partnership ng DA-PCC, ng LGU, at ng mga lokal na magsasaka sa Masinloc.

Nagkaroon din ng MOA signing sa Masinloc Municipal Hall bago ang groundbreaking ceremonies na dinaluhan ni Congresswoman Montalla, DA-PCC Deputy Executive Director for Production and Research Dr. Claro Mingala, co-op chairperson Hermenegildo Manglicmot, at Dr. Dela Cruz.

Ang pagtatayo ng Dairy Box ay isang bahagi ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) project na pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villa. Nilalayon ng CBIN na ipakita ang isang buong value chain ng paggagatasan sa buong bansa.

## 'Kung kaya mo...

*Mula sa p.1*

"Minsan, ako ang nagpapagatas sa mga kalabaw, nagpapakain, nagdedeworm, at nagsusumpit", buong pagmamalaking sabi ni Olivia.

Hinihikayat ni Olivia ang mga babaeng magsasaka na makilahok sa iba't ibang gawain sa agrikultura upang magsilbi silang ehemplo sa ibang kababaihan na huwag tumigil sa pagpapalawig ng kanilang kaalaman at kontribusyon sa lipunan.

Bukod sa nakakainspire na testimonya ni Oliva, isa pang pagtitipon tungkol naman sa Magna Carta of Women o R.A. 9710 ang isinagawa na pinangunahan ni Dr. Diadem Gonzales-Esmero, ang DA-PhilRice GAD Specialist, bilang tagapagsalita.

Sa mga kwento ng tagumpay ng mga babaeng carapreneur, makikita ang aral na hindi sa pisikal na tikas masusukat ang lakas kundi sa paninindigang naitatanim sa puso at naipamamalas sa salita at sa gawa.






# Kauna-unahang Dairy Box outlet sa Aurora Province, itatayo na

Ni **Ronaline Canute**

***DA-PCC NHQGP-Sinumang makakarinig sa "Aurora" ay kaagad na maipipinta sa isip ang larawan ng mga makasaysayang landmark, magagandang beach, at maringal na kabundukan.***

Katulad ng tourism tagline nitong "Aurora Rising," sa probinsiyang ito itatayo ang isang dairy processing plant at marketing outlet na inaasahang magiging tourist destination sa Malasin, Maria Aurora.

Maliban sa mga sikat na destinasyon sa probinsiya na gaya ng Museo de Baler at Doña Aurora House, ang itatayong Dairy Box ay madaragdag sa mga "must-see" bucket list ng mga turista.

Para maging posible ito, nagkaroon ng paglagda ng Memorandum of Agreement ang Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC), Pamahalaang Panlalawigan ng Aurora, at Cornerstone Training and Learning Center Corporation (CTLCC) para sa pagsasagawa ng proyekto. Ang CTLCC ay isang modelong carabao-based enterprise at isang lehitimong civil society organization na kinikilala ng DA.

Sa ilalim ng nasabing kasunduan, magtutulungan ang mga partido upang tuluy-tuloy na mangyari ang mga gawaing pagbibigay ng teknikal na pagsasanay at pagbabalangkas ng mga polisiya at patakarang titiyak sa produktibong pagkakalabawan.

Ayon kay Dr. Estrella Buenaventura, presidente ng CTLCC, inaasahan na ang outlet ay magbibigay ng karagdagang kabuhayan sa mga lokal.

"Tatlong taon pa lang ang aming organisasyon at umaasa kami na mas titibay pa ang ating partnership para dumami pa ang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga taga-Aurora," aniya.

Nagpahayag din ng pag-asa si Gov. Gerardo Noveras na makatutulong ang proyekto na maibsan kung hindi man tuluyang maalis ang problema sa malnutrisyon ng lalawigan.

Sinegundahan ito ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo sa kanyang tugon na ang proyekto ay hindi lamang maghahatid ng maraming oportunidad sa lalawigan kundi maiibsan din ang problema sa malnutrisyon dahil sa milk feeding program. Tiniyak din niya ang suporta ng ahensya sa CTLCC.

"Aalalayan namin kayo. Tutulong kami sa patuloy na pagpapaunlad ng matatag na lahing kalabaw at kaugnay na pagnenegosyo para sa 'Masaganang Ani at Mataas na Kita'," aniya.

Ang "Masaganang Ani at Mataas na Kita" ay ang sigaw ng Kagawaran ng Agrikultura, sa pangunguna ni Kalihim William Dar, na naglalayong mapaunlad pa ang mga Pilipinong magsasaka at mangingisda, na may layuning doblehin ang kanilang kita.

Dumalo rin sina Maria Aurora Mayor Amado Genete at Provincial Veterinarian Dr. Angelo Silvestre upang saksihan ang isinagawang MOA signing.

Ang aktibidad ay bahagi ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN), na mas kilala bilang Accelerating Livelihood Assets Buildup o ALAB Karbawan ng DA-PCC. Pinondohan ito ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar.

> "Aalalayan namin kayo. Tutulong kami sa patuloy na pagpapaunlad ng matatag na lahing kalabaw at kaugnay na pagnenegosyo para sa 'Masaganang Ani at Mataas na Kita'."
>
> *Dr. Ronnie Domingo*
> *DA-PCC OIC Executive Director*



# Proyektong ALAB Karbawan sa Rehiyon 11, 12, sumailalim sa situation analysis para sa 'KM interventions'

Ni **Ronaline Canute**

***DA-PCC NHQGP-Isang situational analysis ang isinagawa kasama ang mga pangunahing stakeholder at kasosyo sa pagpapatupad ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) at Coconut-Carabao Development Project (CCDP) sa Rehiyon 11 at 12.***

Ang "Planning-Workshop on Knowledge Management Interventions for CBIN/CCDP Projects", na pinangasiwaan ng Knowledge Management Division ng DA-PCC, ay unang isinagawa para sa mga sites ng proyekto na sakop ng DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) , DA-PCC sa West Visayas State University (DA-PCC sa WVSU), DA-PCC sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU), at DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM).

Para sa Rehiyon 11 at 12, kabilang sa mga isyu na natalakay ay ang standardisasyon ng mga produkto at Dairy Boxes, probisyon ng post-harvest equipment, at patuloy na pag-upgrade ng mga kalabaw, at database management.

Base sa mga isyung nabanggit, bubuo ang DA-PCC ng mga kaukulang gawain bilang solusyon at susundan ito ng mas pinalawak na pagpapakilala sa mga proyekto upang maengganyo ang mas marami pa na makilahok at sumuporta rito.

Ang mga kasosyo ng ahensya ay nagpahayag din ng kanilang buong suporta sa proyekto sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga tatanggap ay tapat at masigasig na gagawin ang kanilang bahaging gawain na nakalahad sa kontrata.

Bilang tugon, sinabi ni Center Director Benjamin Basilio ng DA-PCC sa USM na sila ay magsisilbing daan ng pagpapala sa mga kasosyo at mga stakeholder sa Mindanao. Ipinakita rin niya ang pangkalahatang kabuuan ng mga pag-unlad na naganap simula noong itatag ang proyekto.

Ang CBIN ay pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform na pinamumunuan ni Senator Cynthia Villar. Gayundin ang CCDP sa pakikipagtulungan ng DA-Philippine Coconut Authority.



Aktibong lumahok ang DA-PCC sa Rehiyon 11 at 12 sa isinagawang situation analysis para sa pagpapatupad ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) at Coconut-Carabao Development Project (CCDP).

## Agri-Chief, pinuri ang malaking contribution, ...

*Mula sa p.1*

Sa kanyang talumpati bilang panauhing pandangal sa pagdiriwang ng ika-29 anibersaryo ng ahensya noong Marso 21-25 sa PCC National Headquarters at Gene Pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija, pinuri ng kalihim ang ahensya sa pagpapakita ng katapangan at katatagan sa gitna ng pandemya na ipinamalas sa mga milestones o mga tampok na tagumpay nito nang nagdaang taon.

Sa temang, "Achieving Milestones through Grit and Resiliency," sampung carabao development milestones ang ipinagdiwang ng ahensya, kabilang ang mga sumusunod: pagpapalawak ng value-chain sa pamamagitan ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) at ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP); partisipasyon ng mga magsasaka-magkakalabaw sa national milk feeding program; komersyalisasyon ng Karabun technology at Dairy Box business modality; pagpaparehistro sa mga intellectual properties sa IPO Philippines para sa Dairy Box, Kardeli, at Nyogurt; pagdebelop ng KBGAN iHealth at KBGAN iFeed mobile apps; pag-update ng Dairy Buffalo Production Handbook; pagkamit ng GAHP certification ng DA-PCC sa CSU; appointment sa DA-PCC bilang National Livestock Cryobank; at pagmintina sa ISO certification.

Hinamon din ni Dar ang ahensya na gamitin ang karanasan nito sa loob ng 29 taon sa pagpapataas pa ng produksyon ng gatas at karne ng kalabaw gayundin ang agresibong pagsasagawa ng pananaliksik at pagpapaunlad ng mga produktong mula rito.

Aniya, "think big, aim higher," at pagtuunan ang aplikasyon ng mga teknolohiya para sa pagpapaangat ng kabuhayan ng mga magsasaka gayundin ang mga pamumuhunan ng pribadong sektor. Ang mga ito, aniya, ay magpapalakas ng produksyon ng gatas sa bansa.

Tiniyak naman ni Dr. Ronnie Domingo, OIC Executive Director ng DA-PCC, na patuloy na palalakasin ng ahensya ang pagpapatupad ng Carabao Industry Roadmap para sa 2020-2025, ang patuloy na pagsuporta nito sa pagpapatupad ng school-based milk feeding program, at ang operasyon ng CBIN at CCDP.

Nagpadala naman ng kanyang mainit na pagbati si Senator Cynthia Villar, Chair ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform. Pinuri niya ang ahensya sa patuloy na pagsasakatuparan nito ng kanyang mandato sa kabila ng maraming hamon dulot ng pandemya at ipinaabot dito ang kanyang patuloy na suporta.

Isang linggong aktibidad ang idinaos sa ika-29 na anibersaryo ng DA-PCC. Kabilang dito ang pagdiriwang ng National Women's Month, mental health awareness and wellness, paglulunsad ng Knowledge Booth, Karwanan Night, at ang pagkilala sa mga Outstanding Emloyees para sa taong 2021. Sila sina: Benjamin John Basilio, Center Director ng DA-PCC sa USM bilang Outstanding Center Director; Dr. Thelma Saludes, Center Director ng DA-PCC sa UPLB bilang Outstanding Researcher; Dr. Edward Paraguison, Science Research Specialist ng DA-PCC sa CLSU bilang Outstanding Supervisor; Janice Cuaresma, CBED coordinator ng DA-PCC sa WVSU bilang Outstanding Development Officer; at Rolly Ardeño ng DA-PCC sa LCSF bilang Outstanding Support Staff.









# Knowledge Booth ng DA-PCC, inilunsad na sa publiko

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC NHQGP-Handog ng kalulunsad na Knowledge Booth ang iba't ibang impormasyon at kaalaman tungkol sa pangunahing programa, serbisyo at pinakabagong teknolohiya ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC).***

Nagmula sa pangunguna at konsepto ng Learning Events Coordination Section ng DA-PCC's Knowledge Management Division (KMD), ang one-stop information shop na ito ay nagsisilbi ring isang showroom para sa mga produktong gawa sa gatas at karne ng kalabaw at mga teknolohiyang nadebelop ng research and development team ng ahensya.

Naglalaman ang Knowledge Booth ng mga materyales na maaaring i-explore ng mga bisita, gaya na lamang ng 3D infographic miniature na nagdedetalye sa value chain diagram ng gatas at karne ng kalabaw mula produksyon, koleksyon, pagpoproseso, hanggang sa pagpapamilihan ng mga produktong gawa rito. Tampok din dito ang iba't ibang showcase walls para sa Carabao Development Program ng DA-PCC, mga lathalain at iba pang knowledge products nito, at maging ang carabao industry goal at roadmap ng ahensya para sa taong 2022 hanggang 2026.

"Sa patuloy na suporta ng top management, umaasa kami na magkakaroon ng Phase 2 ang project na ito kung saan mas maraming advanced features at interactive materials ang idadagdag namin dito," pagbabahagi ni KMD Chief Dr. Eric Palacpac sa ginanap na launching ceremony noong Marso 23.

Dumalo rin sa ribbon-cutting ceremony sina DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo, Deputy Executive Director for Administration and Finance Dr. Caro Salces, Deputy Executive Director for Production and Research Dr. Claro Mingala, KMD staff members, at DA-PCC regional center directors.

## Bagong Center Director...

*Mula sa p.1*

Upang makamit ito, sinabi ni Director Rom na ipagpapatuloy niya ang mga nasimulan ng dating namumuno tulad ng pagiging maagap sa paghahatid ng mga serbisyo.

Sa ilalim ng kanyang pamumuno, ang priyoridad ni Rom ay ang pataasin ang kahusayan at produksyon ng calf drop at ng gatas sa institusyonal na kawan.

Bago ang kanyang appointment, si Rom ay nakikibahagi sa pagsasagawa ng pananaliksik. Sinuportahan din niya ang mga magsasaka sa pamamahala sa kalusugan ng hayop at carapreneurship. Tumulong siya sa mga pagsasanay para sa mga AI technicians at mga kaganapan sa pag-aaral sa kalusugan at nutrisyon ng hayop. Aktibo rin siya sa pagpapatupad ng milk feeding program.

Tinapos ni Rom ang kanyang Bachelor of Science degree in Animal Science sa Leyte State University noong 2002 at ang kanyang master's degree sa parehong larangan sa Visayas State University.

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin

*Ang iASK, isang pinaikling salita na ang ibig sabihin ay "innovative answers, solutions, and knowledge" o makabagong tugon, solusyon, at kaalaman sa wikang Filipino, ay isang serye ng kaalaman kung saan inilalathala ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang mga teknolohiya nito sa pagkakalabaw. Layon nito na paunlarin ang kaalaman ng mga magsasaka sa naturang gawain.*

## CHARCUTERIE

**Q: Ano ang charcuterie?**

S: Ang charcuterie ay isang sangay ng pagluluto na binubuo ng mga inihandang karne, tulad ng ham, sausage, bacon, confit, o iba pang produktong hayop. Ang salitang charcuterie ay nagmula sa France, at ito ay isinalin sa "pork-butcher shop." Maraming modernong charcuterie board ang may kasamang iba pang uri ng pagkain tulad ng pate, keso, crackers, prutas, mani, at dips. Sa Pranses, ang kusinero na naghahanda ng karne ay tinatawag na charcutier.

**Q: Paano pumili ng board/o anong uri?**

S: Ang pinakakaraniwang board material na ginagamit ay kahoy at bato na hugis parisukat, parihaba, o pabilog. Kung wala ang mga ito, maaari kang gumamit ng ibang board material ayon sa pagkamalikhain mo. Pagdating naman sa laki ng gagamiting board material, tantiyahin base sa kung gaano karami ang kakain.

**Q: Ano ang mga hakbang sa paggawa ng charcuterie?**

S: Cheese at deli meats ang maituturing na pangunahing sangkap dito. Kasama nito ang mga accoutrement, o anumang pwedeng itambal sa karne at keso. Maaari ring magdagdag ng mga crackers, tinapay, prutas, gulay, jam, spread, sweets, tsokolate, at mani. Ang pangkalahatang panuntunan dito ay hindi dapat bababa sa tatlong uri ng keso at tatlong uri ng karne ang lalamanin ng isang charcuterie board.

**Q: Ang charcuterie para sa iba't-ibang okasyon at ang pagkakaiba nito?**

S: Maaari mong idisenyo ang iyong charcuterie board batay sa kung anong okasyon—mula sa simpleng pagsasaluhan ng pamilya hanggang sa customized na pwede sa iba't ibang pagtitipon o parties. Maaaring maglagay sa plating board ng mga napapanahong prutas ayon sa paghahandaang okasyon. Halimbawa, pwedeng gumamit ng mga holiday customized crackers o tinapay para maging swak sa okasyon ang disenyo ng charcuterie board.

**Q: Ano ang mga hakbang sa paggawa ng charcuterie?**

S: Walang pirming tuntunin sa kung paano ilalagay isa-isa ang mga sangkap sa charcuterie board pero para sa mga first time na gagawa nito, maaaring gawing patnubay ang mga sumusunod:

1. Unahing ilagay sa board ang malalaking piraso tulad ng buong keso (eg. Camembert o brie) at maliliit na mangkok o dip bowl; iayos ang mga ito na magkakasalungat
2. Iayos sa mga pagitan ang iba pang ingredients
3. Maglagay ng makukulay na ingredients para lumikha ng visual variety
4. Isama ang iba pang cheese
5. Ilagay din ang mga deli meats na pwedeng ikorteng bulaklak kung manipis ang hiwa
6. Punan ang mga puwang ng crackers, tinapay, prutas, gulay, jam, spread, sweets, tsokolate, at mani

**Q: Magkano ang isang charcuterie board?**

Karaniwang ang isang charcuterie ay aabot sa Php600 hanggang Php1,500 o higit pa depende sa mga ingredients na gagamitin.

*Tips:*

*Ang size ng charcuterie ay depende sa bilang ng mga taong magsasalu-salo rito.*

*Mag lagay ng mga ingredients na magugustuhan ng lahat at gawing makulay ang serving.*



Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

Patrizia Camille O. Saturno
Science Research Specialist II

Mobile number: 09283632620
E-mail: triziasaturno@gmail.com

*Abangan sa susunod na isyu:*

**Pagbibigay pugay sa mga kaagapay na magkakalabaw sa Nueva Ecija**

**Pagtatapos ng mga kauna-unahang FLS-DBP Facilitators' Learning Workshop sa Rehiyon 8**

# Knowledge products, extension services ng DA-PCC, digital na rin

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC NHQGP**-Sa pagnanais na makarating at lalo pang maging accessible sa mas maraming mamamayan ang mga knowledge products at extension services ng ahensya, inilunsad ng DA-PCC ang Knowledge Portal o K-Portal at Virtual Tour.*



Ang Knowledge Portal (or simply K-Portal) ay nagsisilbing isang hub o one-stop electronic platform para sa iba't ibang pormat ng knowledge products (KP) na ginagawa ng ahensya sa pamamagitan ng Knowledge Management Division (KMD) nito kagaya ng mga lathalain o babasahin, mga videos, at iba pa.

"Pwede ninyong i-explore at i-navigate ang portal na ito na gaya ng isang website. Pwede rin kayong mag-download ng mga babasahin dito. Hinihikayat namin kayo na magsubscribe dahil libre naman po ito at upang masabihan namin agad kayo sa pamamagitan ng email sa tuwing may bagong labas na knowledge product sa ating portal," ani KMD Chief Dr. Eric Palacpac.

Isa pang digital innovation ng ahensya sa pamamagitan pa rin ng KMD ay ang Virtual Tour para naman ito sa mga nais bumisita sa DA-PCC national headquarters sa Nueva Ecija na hindi na kailangang magtungo dito ng personal. Ito ay napapanahon dahil sa limitasyong dulot ng kasalukuyang pandemya.

Maliban sa mga pasilidad ng DA-PCC, makikita rin sa virtual tour ang mga mahahalagang impormasyon at angkop na teknolohiya sa pag-aalaga ng kalabaw.

Inaanyayahan ng DA-PCC ang publiko na magrehistro at magsubscribe sa K-Portal nito sa k-portal.pcc.gov.ph at Virtual Tour sa vtour.pcc.gov.ph upang maging updated sa mga kaganapan sa pagpapatupad ng programa at serbisyo nito at malaman hindi lamang ang mga mahahalagang resulta ng mga pag-aaral at pananaliksik na isinasagawa ng ahensya bagkus ay maging ang mga oportunidad na hatid ng industriya ng pagkakalabaw.




## *Patnugutan*

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** RONALINE CANUTE
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, COORES CELOY, RONALINE CANUTE
**Layout at Ilustrasyon** COORES CELOY
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** COORES CELOY, DINE YVE DAGANOS
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO

## *CaraBalitaan*

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*

*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.*

K-Portal

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

DA-PCC Virtual Tour

*Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*